# PANITIKAN SA MASS MEDIA

**PANGAN, Angelica Mae S.**
**SIBONGA, Lyka P.**

# MASS MEDIA

- o midyang pangmasa ay ang midya na naglalayon na makapagpadala ng impormasyon sa pangmaramihang tao. Ito ang pangunahing midyum upang makaabot ang impormasyon sa malaking porsyento ng publiko

# DYARYO

- Ang orihinal na platform ng mass media. Ang diyaryo ang ginagamit ng mga tao noon upang magpalaganap ng impormasyon. Sa loob ng mahabang panahon, ang mga tao ay umasa sa mga journalist para sa mga napapanahong mga balita at mahahalagang pangyayari.

# RADYO

- Naimbento noong 1890s at mas naging prominente kaysa sa diyaryo. Para sa nakararami, mas epektibo itong platform para sa mass media. Maliban pa sa mga balita ay mayroon ding mga programa o segment para sa entertainment ang mga radyo.

# TELEBISYON

- Karamihan ng mga Pilipino ay dito nakadepende para malaman ang mga napapanahong balita a iba pang mga pangyayari. Ginagamit din ito ng mga indibidwal, organisasyon, at kumpanya sa pagpapakilala ng kanilang sarili, mga produkto, o kaya'y mga adhikain sa pamamagitan ng mga patalastas.

# MAGAZINE

- Noong 19th century, naging prominente ang magazine bilang midyum ng mass media. Katulad ng diyaryo, ang magazine ay inilalathala din ng regular.

# INTERNET

- Ang pinakaprominente sa panahon ngayon. Halos karamihan ng tao ay may access sa internet. Ang mga naunang nabanggit na midyum ay matatagpuan na rin sa internet. Bukod pa sa mga iyon ay marami ring mga website na nagbibigay impormasyon tungkol sa mga iba't ibang bagay.

# Ang PANITIKAN sa MASS MEDIA

- Ang panitikang Pilipino ay hindi nawawala kahit saan mang midyum ng mass media partikular na sa Internet. Gayunpaman, kahit mayabong ang kalagayan ng panitikang Pilipino ay hindi naman ganoon kaganda ang kalagayan ng wikang Filipino. Ito ay sa kadahilanan na nais ng mga tao na maging "*globally-competitive*".

# PANITIKAN SA SOCIAL MEDIA

PANGAN, Angelica Mae S.
SIBONGA, Lyka P.

# RADYO

- Sa radio ay matatagpuan ang napakaraming iba't ibang uri ng pantikan. Ilan na rito ang balita, spoken poetry, mga maiikling kwento, awit, at iba pa.

# DYARYO

- Mayroon ding panitikan na matatagpuan sa mga dyaryo, maliban sa balita ay narito rin ang mga artikulo sa editoryal at mga komiks.

# MAGAZINE

- Sa magazine naman matatagpuan ang mga panitikan na katulag ng mga sanaysay, mga biography, mga balita at iba pa.

# TELEBISYON

- Halos lahat na siguro ng uri ng panitikan ay matutunghayan sa mga telebisyon. Ilan sa mga ito ay ang mga balita, mga patalastas, mga awit, mga dula, maiikli man o mahahabang kwento, at mga teleserye.

# SOCIAL MEDIA

- *Website* o *application* na nagbibigay-kakayahan sa bawat isa na makagawa at makapagbahagi ng kanyang mga nalalaman.
- Gamit din ito sa pakikipag-ugnayan o halubilo sa ibang tao
- Kalayaan sa pagpapahayag ng damdamin at opinyon

# KAHALAGAHAN

- Pakikipag-ugnayan o bilang komunikasyon sa mga kaanak
- Makapagbahagi ng konteksto at kamulatan
- Makihalubilo at makakilala ng bagong tao
- Maipakilala sa tao ang negosyo

# HALIMBAWA NG SOCIAL MEDIA

# FACEBOOK

- Website na hinahayaang gumawa ng mga profile ag mga gumagamit nito. Maaari ring mag-upload ng mga larawan, bidyo, at magbahagi ng mga nais nilang ibahagi. Maaari ring makipag-usap sa iba pang mga gumagamit nito.

# TWITTER

- Hinahayaang magbahagi ang mga gumagamit ng mga maiikling *posts* na tinatawag na *tweets*. *Maaari* ring mag-upload ng mga larawan at bidyo at makipag-usap sa iba. Dito ay masusubaybayan ang mga *tinitweet* ng isang profile kung ito ay *ifofollow*.

# INSTAGRAM

- Hinahayaang magpost ng mga larawan at bidyo ang mga gumagamit at maaari ring makipag-usap. Kagaya ng twitter, masusubaybayan ang isang profile kung ito ay ifofollow.

# PINTEREST

- Ito ay koleksyon ng mga larawang makikita sa *internet*. Ang pagpindot sa isang larawan ay magdadala sa gumagamit sa orihinal na pinanggalingan ng larawan.

# LinkedIn

- Ang pokus nito ay ang mga negosyo. Hinahayaan nito ang mga gumagamit na magkaroon ng koneksyon sa iba pang mga nagnenegosyo at mga propesyunal.

# WIKIPEDIA

- Isang website na mala-ensayklopedia na naglalathala ng mga artikulo at depinisyon sa maraming bagay. Ang mga gumagamit nito ay may kakayahang baguhin o i-rebisa ang mga artikulong nakalathala o maglathala ng sarili nilang artikulo.

# Ang PANITIKAN sa SOCIAL MEDIA

- Sapagkat napakalawak ng social media, hindi maaaring mawala ang panitikan dito. Laganap ang mga account o profile sa social media na nagiging daan upang ang mga tao ay makalika ng iba't ibang anyo ng panitikan gaya ng mga tula, maikling kwento, nobela, mga shortfilms, spoken poetry, at marami pang iba.

# KALAGAYAN NG PANITIKANG PILIPINO SA SOCIAL MEDIA

- Mayabong ang panitikang Pilipino sa social media. Maraming Pilipino ang kasangkot sa paglikha ng iba't ibang uri ng panitikan sa social media. Sa kabilang banda, hindi ganoon kasigla ang paggamit ng wikang Filipino kahit na maraming Pilipino ang gumagawa ng mga konteksto sa iba't ibang larangan ay mas pinipili nlang gamitin ang wikang banyaga. Ito ay sa kadahilanang hangad nila ang makilala sa internasyonal na media.